Paano kumpletuhin ang inyong Scholarship Application

Ang taunang scholarship cycle ay Summer hanggang sa katapusan ng taon ng pasukan batay sa Kalendaryo ng Seattle Public School.

Hakbang 1: **Ang Impormasyon tungkol sa Participant at Lahat ng Mga Miyembro ng Sambahayan/Miyembro ng Pamilya kasama ang lahat ng mga dependent**

- Ilista ang **LAHAT** ng pangalan ng mga miyembro ng sambahayan/pamilya, petsa ng kapanganakan, kasarian at etnisidad

Hakbang 2: **Beripikasyon ng Kita ng Sambahayan/Pamilya at Pagiging Karapat-dapat ng Dependent**

- Isulat ang total na kita at lagyan ng tsek ang kahon para sa *buwanan* o *taunan* na kita
- **Maglakip ng katibayan ng kita** para sa **lahat** ng mga adult (18 taong gulang at mas matanda) at **katibayan ng mga dependent**
  - Isang nilagdaan (kasalukuyang taon) na 1040 Income tax return na nakalista ang lahat ng mga miyebro ng sambahayan at mga dependent ay mas pinipiling beripikasyon ng kita at mas kaunti ang mga pagkakaantala sa pagpoproseso ng inyong application.
  - Kung ang inyong (mga) dependent ay hindi nakalista sa inyong 1040, maglakip ng kopya ng kanilang birth certificate.

TALA: *Kailangan ninyong magsumite ng taunang 1040 Income Tax Return kung ang taunang kita ng inyong sambahayan/pamilya ay $13,500 o higit pa.*

Alternatibong Dokumento na maaaring ikonsidera para sa **beripikasyon ng kita at ng mga dependent**, kung ang 100 Federal Income Tax Return ay HINDI naisumite:

- ***Kuwalipikasyon para sa Utility Discount na programa ng Lungsod ng Seattle–*** maglakip ng kopya ng inyong utility statement at isang 50% scholarship ang ipapataw. **TALA:** Dapat na kasama ng application ang Birth Certificate para sa lahat ng mga nakalistang dependent.
- Tatanggapin ang mga ***Social Security Benefits na Dokumento.*** (SSI o SSA-1099), KUNG ang Social Security ay ang nag-iisang pinagkukuhanan ninyo ng kita, kung ang ibang mga kita ay pinagkikitaan: mga pension, annuity, kita sa negosyo, atbp., isang 1040 Income Tax Return ay dapat rin na isumite.
- ***Beripikasyon ng Full-time na Estudyante*** Ang Class Schedule, Mga Dokumento para sa Financial Aid at mga dokumento para sa anumang iba pang mga kita ay dapat ilakip para maipakita ang katayun ng kita ng adultong nakalista sa application.
- ***Isang (1) Buwan ng paycheck stubs bago kaltasan ng buwis*** **para sa lahat ng mga nakalistang miyembro ng Sambahayan/pamilya - 18 taong gulang at mas matanda:** **TALA:** Dapat na kasama ng application ang Birth Certificate para sa lahat ng mga nakalistang dependent.
- ***Public Assistance Programs (Mga Programa ng Tulong sa Publiko):***
  - ***Temporary Assistance for Needy Families (TANF)*** Ilakip ang mga dokumento na inililista ang lahat ng mga miyembro ng sambahayan/pamilya o maglakip ng Birth Certificate para sa lahat ng mga nakalistang dependent
  - ***Social Security Income for Disability (SSI)***
  - ***Developmental Disability Administration (DDA)***

Hakbang 3: **Impormasyon sa Aplikante**

- Kumpletong Pangunahing Kontak – Impormasyon tungkol sa Pinunong Adulto ng Sambahayan

Hakbang 3A: Kayo ba ay nagre-request ng **Pre-School Care o Licensed School-Age na Pag-aalaga?**

- Kumpletuhin ang Pahina 2 (kabilang panig) ng scholarship application

TANDAAN: Ang panig na ito ng application ay HINDI para sa Activity o Enrichment Camps

MANGYARING mag-request lang ng mga programa na planong daluhan ng inyong (mga) anak. May requirement para sa attendance at iba pang mga patakaran sa scholarship na inilalarawan sa kabilang panig.

Hakbang 4: **Magsumite ng nakumpletong application kasama ng nakalakip na beripikasyn ng kita at dokumento ng mga dependent ~~sa alinmang staff ng pasilidad ng Seattle Parks and Recreation.~~** **Scholarship.parks@seattle.gov** Ang di kumpletong application ay **magpapaantala** sa inyong application.

Mga patakaran, tungkulin at responsibilidad at pananagutan sa Pre-School at School-age child-care scholarship

Ang City of Seattle Parks and Recreation (SPR) kasama ng Associated Recreation Council (ARC) ay nangangasiwa ng isang tulong para sa scholarship sa mga pamilya na nakakatugon sa mga patnubay sa kita ng Seattle Parks and Recreation.

- Ang scholarship awards ay ginagawa ng first-come first serve na batayan dahil available ang mga pondo.

- Ang scholarship award AY HINDI kayo awtomatikong ine-enroll sa programa na nais ninyo, ni hindi kayo binibigyan ng priyoridad. ~~Kailangan ninyong magparehistro nang direkta sa community center para sa bawat programa at sundan ang kanilang mga patnubay para sa pagrerehistro.~~ Register at https://apm.activecommunities.com/seattle/ActiveNet_Login or call (206) 684-5177

- Ang pagpaparehistro AY HINDI NAGBIBIGAY GARANTIYA at batay sa available na espasyo.

- Kayo ay may pananagutan na bayaran ang non-refundable na registration fee at ang balanse ng mga gastusin sa programa na hinihiling para ma-reserve ang puwesto para sa pagrerehistro sa inyong (mga) anak.

- Ang inyong (mga) anak ay **hinihiling na dumalo sa minimum na 60% ng mga araw ng programa para mapanatili ang pagpopondo sa inyong scholarship.** Kung, para sa anumang dahilan, ang inyong (mga) anak ay hindi nakakatugon sa required na minimum na 60% na attendance, mangyaring sabihin sa inyong community center kaagad.
    - Kung ang inyong anak ay may mas mababa na attendance kaysa doon sa hinihiling, sila ay ilalagay sa probation. Ang ikalawang pangyayari ng mababang attendance ay maaaring magresulta sa pag-aalis ng nakalaang scholarship na para sa inyo.

- Kung, sa anumang dahilan ay nais ninyong kanselahin ang lahat o anumang parte ng inilaan sa inyong scholarship, pananagutan ninyong kumpletuhin ang “Drop Notice” form ng kahit man lang dalawang (2) linggo bago ang petsa ng pag-uumpisa ng programa. Ang kabiguan na mabigay ng abiso na hindi ninyo ginagamit ang inilaan para sa inyong scholarship ay maaaring magresulta sa probation o pag-aalis ng inilaan na scholarship. Ang form ay nakalakip para mabalik-aralan ninyo at magamit, kung kinakailangan. Ang karagdagang Drop Notice na mga form ay maaaring makuha sa inyong Seattle Parks and Recreation na pasilidad.

- Ang inyong scholarship award ay maaaring magbago kaagad kung sa kahit anong oras ay magkaroon ng mga pagbabago sa kita o laki ng inyong sambahayan. Kailangan ninyong magbigay ng mga dokumento sa scholarship office sa anumang mga pagbabago na maganap.